2 milyong food packs, naipamahagi na sa mga taga-QC

Umaabot na sa 2 milyong food packs ang naipamahagi ng Quezon City government sa libu-libo nitong residente mula nang pairalin ang Enhanced Community Quarantine (ECQ) dahil sa COVID-19.

Ang ayuda ng lokal na pamahalaan ay iba pa sa ayudang naipagkakaloob ng barangay sa kanilang mga komunidad.

"This is a testament of the city's commitment to provide for its residents as we do our best to deal with the effects of the coronavirus disease 2019 (COVID-19)," pahayag ni QC Mayor Joy Belmonte.

Sinabi ni Belmonte na may mahigit na 500,000 food packs ang naipamahagi sa mga mahihirap na taga -lungsod sa unang bugso pa lamang ng pamamahagi ng relief.

Anya, mula rito ay pinadami pa hanggang sa 950,000 ang naipamahaging food packs sa ikalawa at ikatlong batches para mabigyan ang mas higit na madaming bilang ng mga informal sector, street dwellers, boarders, renters, stranded na mga tao sa QC at mga households sa middle income sector.

"The local government spent around P1.1 billion to provide food packs for indigent residents and another P700 million for those not included in the barangays' original list of indigent constituents. This includes the middle class, as well as renters, boarders and people stranded in our city during the lockdown," paliwanag ni Belmonte.

Pinasalamatan naman ni Belmonte ang mga city hall employees, volunteers, barangay officials at ibang sektor sa pakikipag tulungan sa QC government para maimpake at maipamahagi ang mga food packs.

Nanawagan din si Belmonte sa ilang mga residente na hindi pa nakakatanggap ng ayuda na ipagbigay alam sa kanilang barangay para maayudahan.

"Batay sa ating numero, dapat nakatanggap na ng dalawa o tatlong food packs ang bawat pamilya sa lungsod na nangangailangan. Kung mayroon man na hindi pa nakatanggap, mabuting lumapit sila sa barangay," sabi pa ni Belmonte .